# Kung Paano Magsusumite para sa Utos ng Proteksyon

❖ **Kung kasalukuyan kang nakakaranas ng** karahasan sa tahanan, panghaharas, lihim na pagsubaybay, o seksuwal na panghahalay, humingi ng tulong mula sa inyong lokal na shelter para sa nakaranas ng karahasan sa tahanan o sentro para sa nakaranas ng seksuwal na panghahalay. Ang mga shelter ay nagbibigay ng pagpaplano sa kaligtasan, pansamantalang kanlungan, legal na adbokasiya, counselling, at iba pang serbisyo. Para makahanap ng programa na pinakamalapit sa iyo, tawagan ang **National Domestic Violence Hotline (Pambansang Hotline sa Telepono para sa Karahasan sa Tahanan)** sa 1.800.799.7233 o ang **National Sexual Assault Hotline (Pambansang Hotline sa Telepono para sa Seksuwal na Pagsalakay)** sa 1.800.656.4673.

### Puwede ba akong magsumite para sa utos ng proteksyon?

Oo, kung parehong totoo ang mga pahayag na ito:

- ✓ Nakatira ka o tumira ka kamakailan sa Estado ng Washington.
- ✓ Kasalukuyan kang nakakaranas o nakaranas ka kamakailan ng karahasan sa tahanan, panghaharas, lihim na pagsubaybay, o seksuwal na panghahalay, o humihingi ka ng proteksyon para sa isang mahinang adulto.

### Ano ang nilalaman ng mga instruksiyon na ito?

**Bahagi 1** ipinapaliwanag ang proseso sa pagkuha ng utos ng proteksyon.

**Bahagi 2** ipinapaliwanag kung paano punan ang form ng Petisyon.

## Bahagi 1. Ang Proseso ng Utos ng Proteksyon

### Paano ako makakahiling sa korte ng utos ng proteksyon?

Dapat mong punan at isumite ang **Petisyon para sa Utos ng Proteksyon**, form PO 001. Sinasaklaw nito ang proteksyon mula sa karahasan sa tahanan, lihim na pagsubaybay, panghaharas, at seksuwal na pagsalakay, at proteksyon para sa mahinang adulto. Hinahayaan ka nitong humingi ng pansamantalang utos ng proteksyon na magsisimula agad, at buong utos ng proteksyon na puwedeng tumagal nang isang taon o higit pa, kung aaprubahan ng isang hukom.

❖ Ang iyong petisyon ay puwedeng basahin ng isang hukom o isang komisyoner ng korte. Gagamitin natin ang "hukom" para sa pagtukoy sa dalawa.

- ❖ Maaaring mag-alok ang ilang county ng mga online form o mga paraan para humingi ng utos ng proteksyon online. Magtanong sa klerk ng korte kung available ang mga iyon.

**Anong iba pang form ang kakailanganin ko?**

- ✓ **Tagapagpatupad ng Batas at Kompidensyal na Impormasyon,** form PO 003 - Ang form na ito ay hindi napupunta sa pampublikong file ng korte at hindi ibinibigay sa taong pinipigilan. Kailangan ng tagapagpatupad ng batas ang form na ito para mahanap at matukoy ang taong pinipigilan kapag isinisilbi ang mga dokumento sa kaniya at ipinatutupad ang iyong utos.
- ✓ Kung gusto mo ng agarang proteksyon, punan ang **Pansamantalang Utos ng Proteksyon at Abiso sa Pagdinig**, form PO 030. Sundin ng mga instruksiyon para sa form na iyon.
- ✓ Kung gusto mong isuko ng taong pinipigilan ang mga baril at iba pang mapanganib na armas o pagbawalan siyang bumili ng gayon, punan ang Kalakip E: Pagkakakilanlan ng mga Baril, at ang **Order to Surrender and Prohibit Weapons (Utos na Isuko at Ipagbawal ang mga Armas)**, form WS 001.

**Puwede ba akong humingi ng tulong upang punan ang mga form na ito?**

Magtanong sa klerk ng korte tungkol sa mga lokal na organisasyon para sa mga serbisyo sa biktima na may mga abogado na makakatulong sa iyo na punan ang mga form.

**Sino ang puwede kong protektahan?**

**Kung isa kang adulto** (18 taong gulang o mas matanda), puwede mong protektahan ang:

- ✓ Iyong sarili.
- ✓ Mga batang wala pang 18 taong gulang (menor de edad na mga bata) kung ikaw ang kanilang magulang, legal na tagapag-alaga, o custodian.
- ✓ Iba pang adulto kung kwalipikado siya bilang "mahinang adulto" o kaya naman ay hindi niya kayang magsumite para sa kaniyang sarili dahil sa edad, kapansanan, kalusugan, o kawalan ng access.

**Para sa karahasan sa tahanan, puwede mo ring protektahan ang**

- ✓ Menor de edad na mga bata sa iyong pamilya o sambahayan (kahit na hindi ikaw ang magulang, legal na tagapag-alaga, o custodian).
- ✓ Mahihinang adulto sa iyong pamilya o sambahayan.

**Kung ikaw ay 15 – 17 taong gulang**, puwede mong protektahan ang

- ✓ Iyong sarili.

- ✓ Menor de edad na mga bata sa iyong pamilya o sambahayan kung pipiliin ng menor de edad na magsumite ka sa ngalan niya. Dapat na may kakayahan kang itaguyod ang sinasabi ng menor de edad na gusto niya o kailangan niya mula sa kaso (ang kaniyang "nakasaad na interes").

**Kung ikaw ay wala pang 15 taong gulang,** dapat magsumite ang ibang tao para sa iyo.

**Paano kung nagsusumite ako para protektahan ang isang mahinang adulto?**

Dapat mong punan ang mga form na nakatala sa itaas at ang ekstrang form: **Abiso sa Mahinang Adulto**, form PO 029. Makukuha mo ang form na iyon sa https://www.courts.wa.gov/forms/ o humingi sa klerk ng korte.

**Anong proteksyon ang puwede kong hilingin?**

Itinatala ng petisyon ang maraming uri ng mga proteksyon sa seksyon 13. Piliin ang lahat na sa tingin mo ay pinakamainam na makapagbibigay ng proteksyon sa iyo at/o sinumang iba pa na ipinepetisyon mo.

**Paano kung may mga baril o iba pang armas ang taong pinipigilan?**

Puwede mong hilingin sa korte na ipag-utos sa taong pinipigilan na isuko ang kaniyang mga armas. Punan ang seksyon **O. Isuko ang mga Armas**, at magdedesisyon ang korte kung ipagkakaloob ang iyong kahilingan. Kung humiling ka na isuko ang armas, kailangan mo ring punan ang Kalakip E: **Worksheet para sa Pagkakakilanlan ng Baril**, at isumite ito kasama ang iyong kinumpletong petisyon. Dalhin din ang **Order to Surrender and Prohibit Weapons (Utos na Isuko at Ipagbawal ang mga Armas)**, form WS 001, para mapunan ito ng hukom at mapirmahan.

---

❖ **Alerto sa Kaligtasan!** Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa mga baril, puwede mong hilingin sa korte na ipag-utos sa taong pinipigilan na isuko ang mga armas sa oras na magbigay ng pansamantalang utos ang hukom. Puwede mo ring kontakin ang tagapagpatupad ng batas kung saan nakatira ang taong pinipigilan para maipaalam mo sa kanila na gusto mong makontak kung isasauli na ang anumang baril sa taong pinipigilan.

---

**Anong mangyayari pagkatapos kong isumite ang petisyon?**

Ang iyong nakumpletong petisyon ay:

- ✓ Isusumite sa pampublikong rekord ng korte para pasimulan ang sibil na kaso sa korte.
- ✓ Isinisilbi sa tao na mula sa kaniya ay kailangan mo ng proteksyon. (Tinatawag natin ang taong ito bilang ang “taong pinipigilan.”)

Gagamitin ng korte ang impormasyon para magdesisyon:

- ✓ Kung may awtoridad (hurisdiksyon) ang korte sa iyo at sa taong pinipigilan.
- ✓ Kung natutugunan ng taong pinipigilan ang legal na kahulugan ng karahasan sa tahanan, seksuwal na panghahalay, pang-i-stalk, o panghaharas. Ang mga kahulugan ay nasa petisyon sa Kalakip A.
- ✓ Para sa mahihinang adulto, kung natutugunan ng paggawi ang legal na kahulugan ng pang-aabandona, pang-aabuso, pinansyal na pagsasamantala o kapabayaan. Ang mga kahulugan ay nasa petisyon sa Kalakip B.
- ✓ Para sa karahasan sa tahanan, kung natutugunan ng relasyon sa pagitan mo at ng taong pinipigilan ang legal na kahulugan ng karelasyon, pamilya, o miyembro ng sambahayan. Kung hindi, maaari kang bigyan ng hukom ng ibang uri ng utos ng proteksyon.
- ✓ Anong mga uri ng proteksyon (mga pagpigil) ang ipag-uutos, kung mayroon man.

**Paano kung kailangan ko ng proteksyon ngayon mismo?**

Puwede mong gamitin ang form ng Petisyon para humiling ng agarang proteksyon. Sa form, dapat mong ipaliwanag kung paanong ikaw o ang ibang tao ay maaaring mapahamak kung hindi ka makakakuha ng proteksyon ngayon, bago makatanggap ng abiso ang taong pinipigilan.

Dapat mong isumite ang iyong petisyon kasama ang anumang iba pang nakasulat na pahayag, naka-print na larawan, o dokumento na tutulong upang patunayang totoo ang sinasabi mo. Tinatawag itong "sumusuportang ebidensya." Nakakatulong ito, pero hindi ito kahilingan.

Babasahin ng isang hukom ang iyong petisyon at anumang sumusuportang ebidensya sa mismong araw na nagsumite ka, o sa susunod na araw na may trabaho sa korte kung nagsumite ka nang bandang hapon o sarado ang korte.

Kung magdedesisyon ang hukom na puwedeng mangyari ang malubhang agarang panganib o hindi na maisasaayos na pinsala, maaaring magbigay agad ang hukom ng pansamantalang utos ng proteksyon. Tatagal ang pansamantalang utos hanggang sa maganap ang buong pagdinig sa loob ng 14 na araw. Kahit na hindi ipagkaloob ng hukom ang pansamantalang utos, magtatakda ang hukom ng pagdinig para sa buong utos kung natutugunan mo ang legal na mga kahilingan.

**Dapat kang pumunta sa buong pagdinig.** Dapat abisuhan ang taong pinipigilan tungkol sa buong pagdinig at mayroon siyang karapatang pumunta sa pagdinig.

❖ **Kung magdedesisyon ang hukom na hindi mo natutugunan ang legal na mga kahilingan,** hindi sila mag-iiskedyul ng pagdinig. Hindi ka makakakuha ng utos ng proteksyon. Magkakaroon ka ng 14 na araw para i-edit (amyendahan) ang iyong petisyon at maglagay ng mas maraming impormasyon at hilingin sa hukom na repasuhin itong muli.

Ang iyong pansamantalang utos ay may bisa mula sa oras na pirmahan ito ng hukom. **Pero** maipapatupad lang ng pulis ang utos kung may patunay na isinilbi ang kopya ng utos sa taong pinipigilan.

### Paano malalaman ng taong pinipigilan ang tungkol sa utos?

Dapat na pagsilbihan ang taong pinipigilan sa lalong madaling panahon. Dapat magsilbi sa kaniya nang di-bababa sa 5 araw ng korte bago ang pagdinig. Dapat isilbi sa kanila ang:

- ✓ ang iyong petisyon
- ✓ pansamantalang utos at notice of hearing (abiso sa pagdinig)
- ✓ order to surrender weapons issued without notice (utos na isuko ang mga armas na ibinigay nang walang abiso) (kung ipinag-utos ito ng hukom)
- ✓ sumusuportang ebidensya (kung nagsumite ka nito)

### Mayroon pa bang ibang kailangang pagsilbihan?

Kung wala pang 18 taong gulang ang taong pinipigilan, dapat ding pagsilbihan ang kaniyang mga magulang o legal na tagapag-alaga.

Kung nagsusumite ka sa ngalan ng mahinang adulto, ang abiso, petisyon, at anumang pansamantalang order to surrender weapons (utos na isuko ang mga armas) ay dapat mo ring isilbi sa mahinang adulto nang di-bababa sa 5 araw ng korte bago ang buong pagdinig. Kung may legal na tagapag-alaga o conservator ang mahinang adulto, dapat ding pagsilbihan ang taong iyon.

### Sino ang magsisilbi ng utos, at paano nila ito gagawin?

Sasabihin ng iyong pansamantalang utos kung sino ang dapat magsilbi ng utos. Dapat na ihatid at iabot (personal na isilbi) ng ahensya na nagpapatupad ng batas ang utos kung totoo ang alinman sa mga ito:

- ✓ ipinag-utos ng hukom na isuko ang mga armas
- ✓ ipinag-utos ng hukom na ilipat ang kustodiya sa bata
- ✓ ikaw at ang taong pinipigilan ay magkasama sa bahay at ipinag-utos ng hukom sa taong pinipigilan na umalis sa bahay
- ✓ nakakulong sa bilangguan ang taong pinipigilan

**Eksepsiyon sa Mahinang Adulto!** Kinakailangan ang personal na pagsisilbi kung nagsusumite ka para protektahan ang ibang tao na isang mahinang adulto. Mayroon siyang karapatang malaman na nagsusumite ka sa ngalan niya. Ang personal na pagsisilbi na ito ay **hindi** kailangang gawin ng tagapagpatupad ng batas.

Sa ibang kaso, maaaring magsilbi sa taong pinipigilan gamit ang elektronikong paraan o nang personal sa pamamagitan ng alinman sa mga ito:

- ✓ isang ahensya na nagpapatupad ng batas sa county o bayan kung saan nakatira o nagtatrabaho ang taong pinipigilan (magsisilbi sila nang libre)
- ✓ isang binayarang propesyonal na tagapagsilbi ng proseso (may bayad ito)
- ✓ isang adulto (18 taong gulang o mas matanda) na hindi isang partido sa kaso ng utos ng proteksyon

Para sa higit pang impormasyon kung paano magsisilbi, kasama ang sa elektronikong paraan, tingnan ang **Mga Instruksiyon para sa Proof of Service (Patunay ng Pagsisilbi)**, POi 004.

Kung ang tagapagpatupad ng batas ang magsisilbi, padadalhan sila ng opisina ng klerk ng service packet na may mga kopya ng lahat ng dokumento na dapat isilbi. Gagamitin ng tagapagpatupad ng batas ang impormasyong inilagay mo sa form ng **Tagapagpatupad ng Batas at Kompidensyal na Impormasyon** para mahanap at mapagsilbihan ang taong pinipigilan. Magpapadala ang tagapagpatupad ng batas ng proof of service (patunay ng pagsisilbi) sa klerk ng korte.

Kung sinasabi ng utos na ang **pinoprotektahang tao ay dapat gumawa ng mga pribadong kaayusan** para sa pagsisilbi, bibigyan ka ng opisina ng klerk ng service packet. Dapat kang humanap ng tagapagsilbi ng proseso o iba pang adulto na magsisilbi ng service packet sa taong pinipigilan.

- ❖ **Tip sa Pagsisilbi!** Humingi sa klerk ng kopya ng service packet upang magkaroon ng kopya na agad mong makukuha o magagamit. Kung tinawag sa isang emergency ang tagapagpatupad ng batas, puwede mong ibigay ang service packet sa opisyal na naroon para magsilbi sa taong pinipigilan sa oras na iyon. Kung minsan, tinatawag itong "911 service packet."

### Paano ko mapapatunayang napagsilbihan na ang taong pinipigilan?

Dapat punan ng sinumang nagsilbi sa taong pinipigilan ang proof of service (patunay ng pagsisilbi) (tinatawag ding "pagbabalik ng pagsisilbi" o "apidabit ng pagsisilbi"). Puwede nilang gamitin ang form PO 004, **Proof of Service (Patunay ng Pagsisilbi)**. Maaari nilang gamitin ang nakumpletong form ng proof of service (patunay ng pagsisilbi) na isusumite mo sa klerk ng korte, o puwedeng sila mismo ang magsumite nito.

Dapat isumite ang proof of service (patunay ng pagsisilbi) sa klerk ng korte bago o sa buong pagdinig. Kung hindi ito ginawa, hindi puwedeng umusad ang pagdinig.

**Paano ko malalaman kung isinilbi ang Pansamantalang Utos?**

Puwede mong irehistro ang iyong utos ng proteksyon sa WA Protective Order Service. Ipinapaalam sa iyo ng libre at awtomatikong serbisyong ito kapag naisilbi na ang utos. Tumawag sa 1-877-242-4055 o bumisita sa www.registervpo.com para malaman ang higit pa.

Kung alam mong hindi pa nasilbihan ang taong pinipigilan, pero gusto o kailangan mo pa rin ang pansamantalang utos ng proteksyon, dapat kang dumalo sa pagdinig at humingi ng pagpapalawig (o pagpapatuloy) ng pansamantalang utos.

---

- ❖ **Alerto sa Kaligtasan!** Kahit na mayroon kang pansamantalang utos ng proteksyon, dapat na patuloy ka pa ring gumawa ng mga hakbang para manatili kang ligtas at ang iyong mga anak – lalo na sa oras na isilbi ang utos.

- ❖ **Paalala tungkol sa mga baril:** Kung naglabas ang korte ng Utos upang Isuko at Prohibit Weapons (Ipagbawal ang mga Armas), kinakailangang isuko agad ng taong pinipigilan ang kaniyang mga baril sa tagapagpatupad ng batas sa oras na isilbi ang utos sa kaniya. Kung sa anumang dahilan ay hindi iyon mangyayari, **puwede nitong mapataas ang iyong antas ng panganib**. Puwede kang tulungan ng isang abogado para sa karahasan sa tahanan o iba pang may adbokasiya sa pagpaplano para sa kaligtasan kaugnay ng isyung ito. Maaari kang tumawag sa 911 para magsumbong kung sa tingin mo ay may mga armas pa rin ang taong pinipigilan.

---

**Paano ako makakakuha ng Utos ng Proteksyon?**

Pagkatapos mong isumite ang iyong petisyon, mayroong di-bababa sa dalawang hakbang sa korte.

- ✓ **Hakbang 1: Petisyon at Pansamantalang Utos.** Rerepasuhin ng isang hukom ang iyong petisyon at anumang sumusuportang ebidensya para makita kung natutugunan mo ang mga kahilingan para sa anumang uri ng utos ng proteksyon. Maaaring kailanganin mong dumalo sa pagdinig para sa pansamantalang utos. Mangyayari ito sa mismong araw na nagsumite ka, o sa susunod na araw na may trabaho sa korte kung nagsumite ka nang bandang hapon o sarado ang korte. Kung natutugunan mo ang legal na mga kahilingan, mag-iiskedyul ang hukom ng buong pagdinig. Maaari ring magbigay ang hukom ng pansamantalang utos.

- ✓ **Hakbang 2: Buong Pagdinig.** Sa buong pagdinig, magdedesisyon ang hukom kung ibibigay ba ang pinal na Utos ng Proteksyon. Kadalasan, tumatagal ng di-bababa sa isang taon ang pinal na Utos ng Proteksyon. Puwede kang humiling ng mas maikli o mas matagal na utos, batay sa iyong mga pangangailangan, sa petisyon.

**Paano ako maghahanda para sa buong pagdinig?**

- ✓ **Itala para sa iyong sarili** ang tungkol sa dalawang pangunahing punto na dapat gawin kapag ikaw na ang magsasalita sa buong pagdinig. Mayroon kang di-lalampas sa 5 minuto para magsalita. Puwede kang sumangguni sa isinulat mo sa Petisyon.
- ✓ **Kung ang iyong pagdinig ay gaganapin nang personal, pumunta nang maaga sa korte.** Puwede mong hilingin na dumalo sa pagdinig sa remote na paraan. Kung posible, huwag mong isama ang iyong mga anak. Patiunang alamin kung may mga polisiya ang korte sa pagsasama ng mga bata sa pagdinig.
- ✓ **Kung ang iyong pagdinig ay sa pamamagitan ng telepono o video**, siguruhing alam mo kung paano ka dadalo sa pagdinig. Kung hindi ka sigurado, kontakin ang korte para magtanong. Subukan ang lahat nang maaga kung magagawa mo ito. Alamin kung paano i-mute at i-unmute ang iyong telepono o audio.

**Hindi ako makakadalo sa buong pagdinig. Anong mangyayari kung basta hindi na lang ako magpunta?**

Kung hindi ka dadalo sa iyong buong pagdinig, ipapawalang-saysay ng hukom ang iyong pansamantalang utos. Kung maaga pa lang ay alam mo nang hindi ka makakapunta sa buong pagdinig, kontakin ang klerk ng korte para malaman ang tungkol sa pagbabago ng iskedyul.

**Pupunta ba ang taong pinipigilan sa buong pagdinig?**

Puwedeng magpunta ang taong pinipigilan pero hindi siya inaatasang pumunta sa buong pagdinig. Kung hindi magpapakita ang taong pinipigilan, pero wastong nakapagsilbi sa kaniya nang di-bababa sa 5 araw ng korte bago ang buong pagdinig, puwedeng magpatuloy ang hukom nang wala ang taong pinipigilan.

Kung handa na ang kaso para sa buong pagdinig, rerepasuhin ng hukom ang rekord, hahayaang magsalita ang mga partido, diringgin ang iba pang testigo at materyal kung kinakailangan, at pagkatapos ay gagawa ng desisyon.

**Paano kung hindi nasilbihan sa oras ang taong pinipigilan?**

Kung hindi nasilbihan ang taong pinipigilan 5 araw ng korte bago ang iyong buong pagdinig, dapat ka pa ring pumunta sa pagdinig kung gusto mong mapalawig ang pansamantalang utos ng proteksyon para mabigyan ng panahon ang pagsisilbi. **Kahit**

**hindi natanggap ng nasasakdal ang abiso ukol sa 5 araw ng korte pero isinilbi naman sa kaniya ang utos, maaari mong kontakin ang pulis para ipatupad ang utos kung mayroong anumang paglabag.**

**Puwede bang magpatotoo ang mga testigo sa buong pagdinig upang makatulong sa aking kaso?**

Kadalasang hindi nagpapatotoo ang mga testigo sa mga pagdinig para sa utos ng proteksyon. Puwedeng magsumite ng deklarasyon ang mga testigo na inilalarawan ang nakita o narinig nila. Gamitin ang form PO 018 **Deklarasyon** para matiyak na nasa wastong format ito.

Dapat mong isumite sa klerk ng korte ang mga deklarasyon ng testigo at anumang iba pang dokumento na gusto mong isaalang-alang ng hukom at isilbi sa taong pinipigilan ang kopya bago ang petsa ng pagdinig. Kung hindi matatanggap ng taong pinipigilan ang mga kopyang ito nang maaga, maaaring baguhin ng korte ang iskedyul para mabigyan ng panahon ang lahat na mabasa ang mga iyon. Totoo rin ang kabaligtaran nito: ang taong pinipigilan ay dapat na magbigay sa iyo ng mga kopya ng anumang isinumite niya. Mayroon kang parehong karapatang upang humingi ng mas maraming panahon para repasuhin ang mga kopya ng anumang isinilbi sa iyo sa huling minuto.

## Bahagi 2 - Kung paano punan ang form ng Petisyon

- ❖ I-type o i-print (isulat) nang malinaw! Kung sumusulat, gumamit lang ng itim o asul na tinta.
- ❖ **Babala sa Privacy!** Makikita ng taong pinipigilan ang Petisyong ito at anumang iba pang ebidensya na isusumite mo sa korte. Magiging available din ang impormasyong ito sa publiko upang makita ng kahit sino.
- ❖ Bago mo isumite ang anumang kalakip, puwede mong i-black out/ takpan (i-redact) ang anumang sensitibong impormasyon. Halimbawa: ang address ng iyong bahay at mga account number (iwan ang huling apat na numero).

### Uri ng Korte

Sa bandang kaliwa sa itaas, ilagay ang "Nakatataas" o "Pandistrito" sa harap ng/sa tabi ng "**Korte ng Washington**", depende sa kung saan mo gustong magsumite. Kung hindi ka sigurado, iwan itong blangko.

Puwede mong simulan ang iyong kaso sa Nakatataas o Pandistritong Korte, alinman ang mas kombinyente. Sa ilang kaso, gaya ng mga nagsasangkot ng ari-arian, pagpapaalis sa pinipigilang tao mula sa pinagsasaluhang tirahan, at mga menor de edad, puwede kang bigyan ng Pandistritong Korte ng pansamantalang utos, pero pagkatapos ay dapat mong ipadala ang iyong kaso sa Nakatataas na Korte para sa buong pagdinig.

### County o Distrito

Hinihingi ng seksyong ito ang pangalan ng county o pandistritong korte kung saan mo isinusumite ang iyong petisyon.

Sa susunod na linya "**Para sa _____**", ilagay ang county o distrito kung saan ka nagsusumite. Puwede kang magsumite sa county kung saan ka (o ang batang poprotektahan) nakatira, o alinman sa mga county na ito:

- Kung saan nangyari ang bagay na naging sanhi upang hingin mo ang utos ng proteksyon na ito
- Kung saan ka nakatira bago lumipat, kung lumipat ka dahil sa paggawi ng taong pinipigilan
- Sa korte na pinakamalapit sa tinitirahan mo ngayon, o pinakamalapit sa tinirahan mo bago ka lumipat dahil sa paggawi ng taong pinipigilan

## Petisyonaryo at Nasasakdal

Ilagay ang iyong pangalan (unang pangalan, inisyal ng panggitnang apelyido, apelyido) bilang "Petisyonaryo" at ilagay ang iyong petsa ng kapanganakan.

- ❖ **Sa ngalan ng...** Kung nagsusumite ka lamang sa ngalan ng menor de edad o mahinang adulto(**hindi** para sa iyong sarili), dapat mo munang ilagay ang iyong pangalan sa linya ng Petisyonaryo, pagkatapos ay ilagay ang "sa ngalan ng" (on behalf of o “OBO”), at saka ilagay ang kanilang pangalan at petsa ng kapanganakan. **Halimbawa:** Jane Doe OBO Susie Doe 04/01/2010

Ilagay ang unang pangalan, inisyal ng panggitnang apelyido, at apelyido at petsa ng kapanganakan ng taong pinipigilan bilang ang "Nasasakdal".

Ang taong nangangailangan ng proteksyon ay ang "pinoprotektahang tao". Puwede itong maging ikaw o ang tao na dahilan ng iyong pagsusumite. Ang tao na siyang dahilan kung bakit ka humihingi ng proteksyon ay ang "taong pinipigilan" .

- ❖ **Nagsusumite sa loob ng kaso ukol sa batas pampamilya.** Kung nagsusumite ka para sa utos ng proteksyon bilang bahagi ng kaso ukol sa diborsyo, plano ng pag-aalaga ng magulang sa anak, o iba pang kaso ukol sa batas pampamilya, ilista ang pangalan ng Petisyonaryo at Taong Pinipigilan sa katulad na paraan kung paano mo inilista ang mga ito sa iyong kaso ukol sa batas pampamilya. Dapat mo ring ilagay ang numero o bilang ng iyong kaso ukol sa batas pampamilya.

## Mga May Bilang na Seksyon

### 1. Piliin ang uri ng utos ng proteksyon na pinakaangkop sa iyong kalagayan.

Pumili lang ng isang opsyon. Basahin ang mga kahulugan sa Kalakip A at B para tulungan kang magdesisyon. Maaaring magdesisyon ang hukom na hindi ka kwalipikado para sa uri ng utos na pinili mo, pero kwalipikado ka para sa ibang uri, at ibibigay niya ang ibang uri ng utos. Hindi mo kakailanganing magsumite ng bagong petisyon.

Kung hinihiling mo ang Utos ng Proteksyon para sa Mahinang Adulto, dapat mo ring punan ang Kalakip B at isumite ito kasama ng iyong petisyon.

### 2. Mayroon bang ibang uri ng utos na angkop sa iyong sitwasyon?

Kung sa tingin mo ay oo, itala ito dito. Tutulong ito para malaman ng hukom kung anong ibang uri ng utos ang maaaring naaangkop kung hindi ka kwalipikado para sa iyong unang pinili.

3. **Sino ang dapat pigilan ng utos?**

Ilagay ang pangalan ng tao na mula sa kaniya ay kailangan mong maprotektahan. Lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon para sa kaniyang edad. Ang taong ito ay kadalasang ang "Nasasakdal," maliban sa ilang isinusumite sa loob ng kaso ukol sa batas pampamilya. (Tingnan ang nasa itaas.)

4. **Sino ang dapat protektahan ng utos?**

Suriin kung pinoprotektahan mo ang iyong sarili at/o menor de edad na mga bata, o iba pang tao.

Para protektahan ang iyong sarili, ilagay ang iyong pangalan. Maaaring magsumite ang sinumang 15 taong gulang o mas matanda para protektahan ang kanilang sarili.

Para sa menor de edad na mga bata, lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon para sa iyong relasyon sa mga bata. Ilagay ang mga pangalan ng mga bata at iba pang detalye.

---

- ❖ **Mahalaga!** Kung ang taong pinipigilan ay isang magulang ng sinuman sa mga bata, dapat mong punan ang **Kalakip C: Kustodiya sa Bata**. Kung ikaw ay **hindi** magulang ng sinuman sa mga bata, dapat mong punan ang **Kalakip D: Mga di-magulang na nagpoprotekta sa mga bata (ICWA)**. Dapat mong isama ang mga Kalakip na ito sa iyong Petisyon kung nalalapat ang mga ito.

- ❖ **Mga teenager na edad 15 – 17:** puwede mong lagyan ng tsek ang "Ako" at ilagay ang iyong sariling pangalan kung nagsusumite ka para sa iyong sarili. Hindi mo kailangang punan ang talaan ng "Menor de edad na mga Bata" tungkol sa iyong sarili. Puwede mong gamitin ang seksyon ng Menor de edad na mga Bata para protektahan ang iba pang bata sa iyong pamilya o sambahayan kung pinili ka nila para magsumite ng proteksyon para sa kanila at may kakayahan kang itaguyod ang sinasabi nilang gusto nila sa kasong ito.

---

Para protektahan ang iba pang tao, suriin kung sila ay mahinang adulto o kaya naman ay hindi nila kayang magsumite para sa kanilang sarili, at ilagay ang kanilang pangalan. Tingnan ang kahulugan at punan ang Kalakip B para sa mahinang adulto.

Kung ang isang tao ay hindi mahinang adulto pero hindi niya kayang magsumite para sa kaniyang sarili, ipaliwanag kung bakit. Ang opsyong ito ay available lang para sa mga utos laban sa seksuwal na pagsalakay, lihim na pagsubaybay, o kontra-panghaharas.

5. **Address para sa pagsisilbi**

Dapat kang magbigay ng address kung saan maaaring isilbi sa iyo ng korte at taong pinipigilan ang mga dokumento para sa kasong ito. Puwede mong panatilihing pribado ang address ng iyong bahay sa pamamagitan ng pagbibigay ng ibang mailing address.

Kung sumasang-ayon kang isilbi ito sa iyo sa pamamagitan ng email, dapat ka ring magbigay ng email address. Puwede kang gumawa ng hiwalay na email account para lang sa kasong ito. Regular na i-check ang iyong sulat at email.

---

❖ **Huwag maglagay ng anumang kompidensyal na address o kompidensyal na impormasyon sa petisyon o pansamantalang utos.** Ang taong pinipigilan ay makakatanggap ng kopya ng mga form na ito.

---

6. **Tagapagsalin ng wika o interpreter**

Suriin kung kailangan mo ng interpreter. Kung oo, ilagay ang kinakailangang wika. Maaaring kailangan mo pa ring hilingin nang bukod ang isang interpreter. Makakatanggap ka ng mga instruksiyon tungkol diyan sa iyong pansamantalang utos o iba pang utos na nagtatakda ng pagdinig.

7. **Paano nakilala ng mga partido ang isa't isa?**

Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop na kahon para sa relasyon ng sinumang adulto o menor de edad na pinoprotektahan sa taong pinipigilan. Kung wala sa mga iyon ang naaangkop, ilagay ang relasyon sa ilalim ng "Iba pa".

8. **Bakit ka nagsusumite sa county at estado na ito?**

Lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon.

9. **Tirahan ng Taong Pinipigilan?**

Lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon. Itala ang lungsod o county kung nalalaman at nasa Washington.

10. **Mayroon bang iba pang kaso sa korte kung saan sangkot ang mga partido o sinumang bata?**

Lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon. Kung oo, punan ang talaan sa ibaba ng impormasyon tungkol sa bawat kaso.

Ikaw, o ang menor de edad, at ang taong pinipigilan ay may iba pang kaso sa korte kung saan pareho kayong sangkot. Maaaring may mga kaso ukol sa diborsyo, pagiging magulang, iba pang pagpigil, mga utos ng proteksyon o pagbabawal sa pakikipag-ugnayan, o kriminal na kaso. Kailangang malaman ng hukom ang tungkol sa anumang iba pang kaso para maiwasang maglabas ng utos na sumasalungat sa utos mula sa ibang korte.

**11. Agarang Proteksyon**

Lagyan ng tsek ang **oo** kung gusto mong magsimula agad ang pansamantalang utos, bago abisuhan ang taong pinipigilan. Kung nilagyan mo ng tsek ang oo, ipaliwanag nang maikli kung paano ka maaaring mapinsala o ang ibang tao kung hindi ka makakakuha ng proteksyon ngayon. Gamitin ang mga linya sa ilalim ng tanong 15.

**12. Agarang Pagsuko ng mga Armas**

Lagyan ng tsek ang **oo** kung ang taong pinipigilan ay may mga armas, o may access sa mga armas, na gusto mong isuko agad ng taong pinipigilan. Kung nilagyan mo ng tsek ang oo, ipaliwanag nang maikli kung paano ka maaaring mapinsala o ang ibang tao kung hindi magbibigay ngayon ng utos upang isuko ang mga armas. Gamitin ang mga linya sa ilalim ng tanong 15.

**13. Anong mga proteksyon ang kailangan mo?**

Lagyan ng tsek ang naaangkop na mga kahon sa **A – Z** para sa lahat ng proteksyon na gusto mong ipag-utos ng korte. **Paalala: Maaaring hindi ipag-utos ng hukom ang lahat ng hiniling mo para sa alinman sa pansamantala o pinal na utos.** Dapat mong hilingin sa petisyon ang lahat ng proteksyon na sa tingin mo ay kailangan mo. Puwede mong hilinging alisin ang mga proteksyon na sa palagay mo ay hindi mo na kailangan kapag dumalo ka para sa iyong buong utos, pero hindi mo puwedeng hilingin ang mga proteksyon na hindi mo isinama sa iyong petisyon.

Dapat na maging malinaw ka tungkol sa mga tao at lugar na gusto mong maprotektahan sa loob ng bawat pagpigil na humihingi ng mga detalyeng iyon. Kung pinoprotektahan mo ang menor de edad na mga bata, puwede kang pumili kung gusto mong ilapat ang pagpigil sa lahat ng batang sinasaklaw ng utos na ito, o sa partikular na mga bata lang na pinangalanan sa seksyong iyon.

Sa seksyon **O. Isuko ang mga Armas**, sagutin ang mga tanong tungkol sa mga baril kahit na hindi mo hinihiling na isuko ang mga armas. Iniaatas ng batas ng estado ang pagbabawal sa mga baril para sa ilang utos ng proteksyon, kahit na hindi mo ispesipikong hinihiling ang proteksyong iyon. Kung sumagot ka ng "Oo" sa taong pinipigilan na nagtataglay o may pagmamay-aring mga baril, kumpletuhin ang **Kalakip E**.

Puwede mong iwan ang seksyon **Z. Iba pang** blangko o gamitin ito para itala ang anumang iba pang ispesipikong paghihigpit na gusto mong ipag-utos ng hukom.

**14. Kailangan mo ba ng tulong mula sa tagapagpatupad ng batas?**

Lagyan ng tsek ang anumang naaangkop na kahon na nalalapat sa iyong sitwasyon. Maaari mo itong iwang blangko kung hindi kinakailangan ang tulong.

Kahit na ipinag-utos ng korte ang tulong ng tagapagpatupad ng batas, maaaring kailangan mo pa ring kontakin ang tagapagpatupad ng batas para humingi ng civil standby.

**15. Gaano mo katagal kailangan ang utos na ito?**

Lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon. Kung gusto mong tumagal ang utos ng proteksyon sa loob ng ibang panahon bukod sa 1 taon, ilagay kung gaano katagal at ipaliwanag kung bakit.

**16. Pinaka-kamakailang Insidente**

Magbigay ng detalyadong paliwanag sa pinaka-kamakailang nangyari na naging sanhi upang humingi ka ng proteksyon. Isama ang mga petsa at detalye. (Tingnan ang mga halimbawa sa ibaba).

**17. Nakalipas na mga insidente**

Ano, kung mayroon man, ang nangyari noon? Magbigay ng detalyadong paliwanag kasama ang mga petsa. (Tingnan ang mga halimbawa sa ibaba).

**Mahalaga!** Basahin ang mga instruksiyon para sa iyong pahayag sa itim na kahon sa itaas ng tanong 16 sa petisyon. Dito mo kailangang ipaliwanag kung bakit mo kailangan ang utos ng proteksyon.

Hindi sinasaliksik ng hukom ang iba pang kaso o mga rekord ng pulis para alamin ang iyong kasaysayan. Hindi malalaman ng hukom kung anong nangyari maliban kung ilagay mo ito sa iyong nakasulat na pahayag. Kung hindi mo isasama ang partikular na insidente sa iyong pahayag, maaaring hindi ka magkaroon ng pagkakataon na sabihin ito sa hukom sa pagdinig.

Dapat kang magbigay ng mga detalye (sino, ano, saan, kailan, paano).

Mga halimbawa:

- Mas mabuting sabihing “Noong Linggo, Enero 12, sa ganap na 2:00 a.m., sinampal ako ni Terry” sa halip na “Sinaktan ako ni Terry noong Linggo.”
- Mas mabuting sabihing “Nagbanta si Terry na papatayin niya ako kapag umalis ako ng bahay. Sinabi niyang ‘Papatayin kita kapag umalis ka’” sa halip na “Pinagbantaan ako ni Terry”
- Mas mabuting sabihing “Dumadaan si Terry sa harap ko habang naghihintay ako sa bus stop pagkatapos ng trabaho tuwing Lunes ng gabi” sa halip na “Ini-stalk ako ni Terry.”
- Mas mabuting sabihing “Nagpapadala si Terry sa akin ng mga email o text message [isama ang bilang] beses sa isang araw. Nag-text ako kay Terry at sinabi kong tumigil siya; pero patuloy pa ring nagme-message si Terry” sa halip na “Sina-cyber stalk ako ni Terry.”
- Mas mabuting sabihing “Ginamit ni Terry ang checking account ko para bayaran ang kaniyang credit card bill” sa halip na “Nagnakaw si Terry sa akin.”

- Mas mabuting sabihing “Noong Biyernes, Oktubre 18, mga 10 p.m., inilagay ni Erin ang mga kamay niya sa pantalon ko at hinawakan ang ari ko, kahit na sinabi kong, ‘Huwag’” sa halip na “Hinawakan ako ni Erin.”
- Mas mabuting sabihing, “Noong Sabado, Mayo 5 sa ganap na 10:00 p.m., dinaganan ako ni Erin gamit ang bigat ng kaniyang katawan at pinuwersa akong makipagtalik sa aking sala” sa halip na “Sinalakay ako ni Erin.”
- Mas mabuting sabihing, “Sinabi ni Erin sa akin na kung hindi ako papayag na makipagtalik sa kaniya, sasaktan niya ako. Sinabi niyang, ‘Kung ayaw mong masaktan, manahimik ka’” sa halip na “Pinagbantaan ako ni Erin.”
- Mas mabuting sabihing “Nagpadala ng 20 message si Erin sa akin, kasama ang text at email, na sinasabing hahanapin at sasaktan niya ako.” Sa halip na “Hina-harass ako ni Erin.”

## 18. Medikal na Paggamot

Kung nagkaroon ng pagkakataon na tumanggap ka ng medikal na paggamot para sa isang bagay na nauugnay sa petisyong ito, ipaliwanag kung ano, kailan, saan, at bakit. Ilarawan ang paggamot at anumang pag-follow up. Puwede kang maglakip ng mga kopya ng mga rekord ng paggamot, kung mayroon ka nito, pero hindi pananatilihing pribado ang mga ito. Gumamit ng itim na permanent marker, whiteout, o itim na ballpen para i-black out/ takpan (i-redact) ang anumang sensitibong impormasyon gaya ng address ng iyong bahay, ID number, o iba pang detalye na hindi mo gustong makita ng publiko.

**Halimbawa:** “Tumanggap ako ng paggamot sa ospital noong Linggo, Maya 6, mga 1 o 2 a.m. para sa mga injury ko. Kasama sa paggamot ang pisikal na pagsusuri at follow-up appointment sa susunod na linggo.”

❖ **Mahalaga!** Tingnan ang **babala sa privacy** sa ilalim ng tanong 22 sa petisyon.

## 19. Pagpapakamatay

Kung ang taong pinipigilan ay may kasaysayan ng pagpapakamatay, magbigay ng mga detalye ng anumang ginawang pagbabanta ng pananakit sa sarili o pagtatangkang magpakamatay, kasama ang mga petsa.

## 20. Pag-abuso sa Substansiya ng Taong Pinipigilan

Lagyan ng tsek ang anumang naaangkop na kahon.

## 21. Mga Menor de Edad na Nangangailangan ng Proteksyon, kung mayroon man

Puwede mong ilagay dito ang anumang iba pang impormasyon tungkol sa ginagawa ng taong pinipigilan sa mga menor de edad na hindi mo inilagay sa ibang lugar sa petisyon.

## 22. Sumusuportang Ebidensya

Ang sumusuportang ebidensya ay anumang bagay na tumutulong na patunayang totoo ang sinasabi mo. Hindi mo kailangang magsumite ng anumang sumusuportang ebidensya na higit kaysa sa iyong pahayag sa petisyon, pero kung may anumang bagay na gusto mong makita ng hukom, dapat mo itong isumite kasama ang iyong petisyon. Kung maghihintay ka pa ng ibang pagkakataon, maaaring humingi ang taong pinipigilan ng mas maraming panahon para tumugon at maaaring baguhin ng hukom ang iskedyul ng iyong pagdinig.

Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop na kahon at ilakip ang ebidensya sa petisyon. Lagyan ng bilang ang bawat pahina. Tukuyin nang malinaw kung ano ang bawat bahagi ng ebidensya sa paglalagay ng mga label at petsa sa mga larawan, text o email. Ang ebidensyang ito ay isusumite sa pampublikong rekord. I-black out ang impormasyon na hindi mo gustong makita ng sinuman.

❖ **Mahalaga!** Tingnan ang **babala sa privacy** sa ilalim ng tanong 22 sa petisyon.

## Bilangin ang nakalakip na mga pahina

Bilangin ang kabuuang bilang ng mga pahina na inilalakip mo sa iyong petisyon. Dapat mong isama ang Kalakip A (Mga Kahulugan). Isama lang ang Kalakip B, C, D, E, o F kung naaangkop ang mga ito. Isama rin sa iyong bilang ng pahina ang anumang sumusuportang ebidensya. Ilagay ang kabuuang bilang ng mga pahina sa espasyo ng "____ pahina" sa ilalim ng babala sa privacy at "Pinatutunayan ko sa ilalim ng kaparusahan sa panunumpa nang walang katotohanan...".

## Pirma at Petsa

Ilagay ang lungsod at estado kung saan mo ito pinipirmahan. (Puwedeng naiiba ito sa kung saan ka nakatira.) Lagyan ng petsa, pirmahan, at i-print ang iyong pangalan.

## Kalakip A - E

Ang Kalakip **A** ay nagbibigay ng mga kahulugan. Walang kailangang punan dito.

Punan ang Kalakip **B**: Mahinang adulto, kung humihingi ka ng proteksyon para sa mahinang adulto.

Para sa menor de edad na mga bata ang Kalakip **C** at **D**.

- Punan ang Kalakip **C**: Kustodiya sa Bata, kung ang taong pinipigilan ay isang magulang ng sinuman sa mga bata.
- Punan ang Kalakip **D**: Mga di-magulang na nagpoprotekta sa mga bata (ICWA), kung ikaw ay hindi magulang ng sinuman sa mga bata.

Alisin ang Kalakip B, C, D, o E kung **hindi** ito naaangkop. (Laging naaangkop ang Kalakip A.)

Kumpletuhin lang ang Kalakip **E** kung nagtataglay o nagmamay-ari ng mga baril ang taong pinipigilan.

## Pagkatapos punan ang mga form: Pumunta sa Korte

Dalhin ang iyong nakumpletong petisyon at pansamantalang utos sa opisina ng klerk ng korte ng lokal na korte. Dalhin rin ang worksheet para sa mga baril at order to surrender weapons (utos na isuko ang mga armas), kung kinakailangan. Tanungin ang klerk kung posibleng magsumite sa elektronikong paraan, kung interesado ka sa opsyong iyon. Bibigyan ka nila ng karagdagang tagubilin.